


Ano ang dapat gawin

Kapag kumatok ang ICE sa inyong pinto:



HUWAG BUKSAN ANG PINTO

Hindi maaaring pumasok ang ICE sa inyong bahay nang walang hawak na warant o utos na pirmado ng isang husgado mula sa kriminal na hukuman. Maaari lamang silang makapasok kung ikaw mismo ay pumayag na papasukin sila.



HUWAG MAGSALITA

Kayang gamitin ng ICE laban sa iyo ang ano mang sasabihin mo sa kanila. kaya dapat gamitin mo ang iyong karapatan na manatiling tahimik.

*Sabihin mo: "I plead the fifth amendment and choose to remain silent. (Nais kong gamitin ang aking karapatan sa ilalim ng ikalimang susog at pinipili kong manahimik.)"



HUWAG PUMIRMA

Huwag pumirma nang kahit anong dokumento na iaabot sa iyo ng ICE nang hindi kumukonsulta sa isang abogado.



I-ULAT AT I-REKORD!

Tumawag kaagad sa linya ng UWD: 1-844-363-1423

Basta't hindi ka nakatungtong sa pag-aari ng pederal na gobyerno, kunan mo ng litrato at bidyo ang mga pangyayari.

Ilista ang numero ng kanilang tsapa, bilangin ang dami ng ahente, at tandaan kung ano ang eksantong pangyayari!



LUMABAN KA!

Kumuha ka nang mapagkakatiwalaang abogado, at alamin ang lahat ng aksyon na pwedeng gawin para sa iyong kaso. Kapag ikaw ay naditina, alamin kung pwede kang magpyansa - huwag kang mawalan ng pag-asa! Sumali sa isang lokal na grupo para maipagtanggol mo ang iyong sarili mula sa deportasyon!